

Ito ang Alberta Whisky

Marso 31, 2026

Dinistila sa Alberta, tinitikman sa buong mundo, ang iminumungkahing batas ay magbibigay sa Alberta whisky ng tatak na nararapat para dito.

Ipinakikilala ng pamahalaan ng Alberta ang Panukalang Batas 24: ang *Alberta Whisky Act* upang tukuyin at protektahan ang maaaring tatakan bilang "Alberta Whisky." Kung maipapasa, ang *Alberta Whisky Act* ay magbibigay sa Alberta whisky ng isang malinaw na pagkakakilanlan, tulad ng Kentucky na kilala sa bourbon at Scotland na kilala sa scotch.

Sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa tinatawag na Alberta Whisky, ang batas ay magbubuo ng pagmamalaki sa isang produktong gawa ng mga negosyo sa Alberta gamit ang mga sangkap na itinanim sa probinsya, habang pinapalakas ang kredibilidad nito sa buong mundo. Ang mga distilador ng Alberta ay lumilikha ng isang bagay na tunay na espesyal, at ang *Alberta Whisky Act* ay tumutulong na isalaysay ang kwentong iyon sa pamamagitan ng pagtataas sa antas ng lakas ng tatak ng ating whisky upang ito ay kilalanin, pagkatiwalaan, at hanapin ng mga tao sa buong mundo.

"Nais ng mundo ang higit pa sa lahat ang inaalok ng Alberta." Ang ating mga distilador ay gumagawa ng ilan sa pinakamahuhusay na whisky sa mundo, gamit ang mga pinakamataas na kalidad na sangkap na tanging Alberta lang ang makakapagbigay. Titiyakin ng batas na ito na ang mga distilador ng Alberta ay may pagkilalang kailangan nila upang umunlad sa entablado ng mundo."

Danielle Smith, Premier

"Sa buong Alberta, ginagawa ng mga distilador ang mga lokal na sangkap na isang bagay na napaka-espesyal na maipagmamalaki nating lahat." Ang batas na ito ay tungkol sa pagsuporta sa kanilang trabaho at pagtiyak na ang Alberta Whisky ay kinikilala para sa dekalidad at kahusayan sa paggawa ng bawat bote na may pandaigdigang antas."

Dale Nally, Ministro ng Serbisyo sa Alberta at Pagbabawas ng Red Tape

Ang iminungkahing batas ay mangangailangan na ang Alberta Whisky ay gawin gamit ang 100 porsyentong tubig ng Alberta at isang takdang proporsyon ng mga butil na galing sa mga

lokal na sakahan, na siyang magpapatibay sa produksyon sa sektor ng agrikultura ng Alberta. Susuportahan nito ang mga magsasaka sa buong probinsya habang itinatampok ang Alberta Whisky bilang isang tunay na repleksyon ng lakas ng agrikultura at kahusayan ng probinsya. Mula sa butil ng kapatagan hanggang sa ibinuhos na baso, isasalaysay ng *Alberta Whisky Act* ang kwento ng mga tao at lugar sa likod nito.

"Ang *Alberta Whisky Act* ay isang mahalagang hakbang upang maipakita ang mga whisky ng Alberta sa buong mundo. Ipinagmamalaki ng Spirits Canada ang pagtulong sa paghubog ng inisyatibang ito at inaasahan ang pagsuporta sa matagumpay na paglulunsad nito."

Si Cal Bricker, presidente at CEO, Spirits Canada

"Sa kasalukuyan, pinagtitibay ng *Alberta Whisky Act* ang ating industriya ng whisky na may pandaigdigang kalidad, na nakaugat sa pinagpalang lupang pang-agrikultura ng Alberta. Kami ay nasasabik na isulong ang paglago ng ekonomiya sa pamamagitan ng Whisky Trail habang patuloy na lumilikha ng mga whisky na nagwagi ng mga parangal sa buong mundo."

Si Bryce Parsons, pangulo at tagapangulo, Alberta Craft Distillers Association

Kapag nagtagumpay ang mga distilador ng Alberta, nangangahulugan ito ng mas maraming bisita na maglilibot sa mga silid pantikim (tasting room), mas maraming bote sa mga istante at mas maraming aktibidad pang-ekonomiya ang dadaloy sa mga komunidad ng Alberta. Ang *Alberta Whisky Act* ay lilikha ng mga bagong pagkakataon upang maipakita ang probinsya sa pamamagitan ng mga lokal na distilerya at mga karanasan ng bisita, kabilang ang potensyal para sa isang Alberta Whisky Trail na pinamumunuan ng industriya, na tumutulong sa amin na maabot ang aming ambisyosong layunin na \$25 bilyon sa taunang gastusin ng mga bisita.

"Ang *Alberta Whisky Act* ay nagbibigay sa ating mga alak ng pandaigdigang pagkakakilanlan na nararapat sa mga ito. Sa pamamagitan ng pagprotekta sa aming lokal na kasanayan at mga sangkap, tinitiyak naming makikilala ang Alberta Whisky kasabay ang pinakamahuhusay na rehiyon sa mundo."

Jordan Ramey, punong opisyal ng operasyon, Burwood Distillery

Kung maipasa ang panukalang batas, makikipagtulungan ang gobyerno ng Alberta sa industriya upang ipatupad ang balangkas ng *Alberta Whisky Act*, habang ang Alberta Gaming, Liquor and Cannabis (AGLC) ang mamamahala sa pagsunod at pagpapatupad ng bagong batas.

Mabilis na mga katotohanan

- Ayon sa AGLC, mayroong 45 na distilador ng whisky sa probinsya, kung saan 43 sa mga ito ay mga maliliit na craft distilador.
- Ilang whisky na gawa sa Alberta ang nanalo ng mga prestihiyosong parangal, tulad ng Rye Whisky of the Year sa 2024 Canadian Whisky Awards, Best Whisky Aged Over 15 Years sa 2025 Canadian Whisky Awards, pati na rin ang ilang medalyang ginto, pilak at tanso sa 2024 at 2025 Canadian Whisky Awards.
- Ang mga whisky na gawa sa Alberta ay nanalo rin ng mga pandaigdigang parangal, tulad ng World's Best Rye sa 2025 World Whiskies Awards, Platinum Medal sa 2024 San Francisco World Spirits Competition, at World's Best New Make & Young Spirit sa 2024 World Whiskies Awards.
- Hindi babaguhin ng *Alberta Whisky Act* ang pagkakaroon, mga istruktura ng presyo o tingian na akses sa whisky.
- Ang pakikilahok ay magiging boluntaryo. Maaaring magpatuloy ang mga distilador sa paggawa ng iba pang mga produktong whisky na hindi tumutugon sa kahulugan ng "Alberta Whisky".

Kaugnay na impormasyon

- [Pagprotekta sa natatanging kalidad ng Whisky ng Alberta](#)

Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)
- [Makinig sa kumperensya ng balita](#)